Pangalan:______________________________________________________

Petsa Nang Nagsimula:______________Petsa Nang Natapos:______________Iskor:________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**

Ekonomiks sa Ating Pang-araw-araw na Pamumuhay

I. Panuto: Tukuyin ang inilalarawan sa bawat pangungusap. Isulat ang tamang sagot sa patlang bago ang bilang.

_________________1. Ito ang pagpapaliban ng pagbili ng isang bagay upang makamit ang ibang bagay.

_________________2. Ito ang pagpapasiyang ginawa ng pamahalaan upang matugunan ang mga pangangailangan ng lipunan.

_________________4. Ito ay may kinalaman sa desisyon ukol sa iba't ibang gamit ng limitadong pinagkukunang yaman.

_________________3. Ito ang pagpili at pasiya ng isang indibidwal upang matugunan ang kaniyang pangangailangan.

_________________5. Ito ay tumutukoy sa isinakripisyong halaga ng isang bagay upang bigyangdaan ang higit na mas makabuluhang paggagamitan nito.

II. Panuto: Basahin at unawain ang tulang "Ekonomiks sa Buhay Nating mga Pilipino." Pagkatapos ay sagutin ang mga sumusunod na tanong.

**Ekonomiks sa Buhay Nating mga Pilipino**

*ni Laionel M. Ruelan*

Ekonomiks sa buhay nating mga Pilipino,
Kaalamang isinulong ng mga ekonomista't mga pilosopo,
Bawat isa'y nagbigay ng sariling pagpapakahulugan at prinsipyo,
Naging mahalaga ang epekto sa pamumuhay ng lahat ng tao;
Kaugnayan ng ekonomiks sa iba pang larang,
Nagsasagawa ng mga hakbang mula sa siyentipikong pamamaraan,
Upang maiugnay sa sosyolohiya, etika, matematika at iba pang kaalaman,
Nakatutulong upang ekonomiks ay lubos na maunawaan;

Ang ekonomiks ay isang agham panlipunan,
Tumutulong sa pagtugon sa ating walang hanggang pangangailangan,
Matalinong solusyon batay sa limitadong pinagkukunang yaman,
Siyang kailangan upang maging matalinong mamamayan;
Sa paglikha ng produkto hanggang sa pagkonsumo,
Matalinong pagpili ay mahalaga sa pagkatuto,
Tamang pagdedesisyon ay hindi ka dapat malito,
Tunay na aral ng ekonomiks sa buhay nati'y produktibo.

1. Ano-ano ang kaisipan ng ekonomiks na nakapaloob sa tula? Bakit itinuturing na isang agham panlipunan ang ekonomiks?

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

2. Batay sa tula, bakit mahalagang pag-aralan ang ekonomiks?

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________